



**Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ):  
Mga Pinakamahasay na Kasanayan para sa Pagsunod sa Pagsusuot ng Mask**

**Hulyo 20, 2021**

Ang mga sumusunod na Mga Madalas Itanong ay binuo ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health) para gamitin ng mga lokal na pasilidad at ipo-post ito sa [sfcdcp.org](http://sfcdcp.org). Posibleng magbago ang impormasyong ito kasabay ng pagbabago ng kaalaman, transmisyong sa komunidad, availability ng Personal na Kagamitang Pamproteksyon (Personal Protective Equipment, PPE), pagsusuri, at availability ng mga bakuna.

**AUDIENCE:** Mga negosyo at establisyemento kung saan may harapang contact sa mga customer ang Personnel.

**BACKGROUND:** Ang pagkalat ng COVID-19 ay patuloy na nagiging malaking banta sa kalusugan ng publiko ng San Francisco at mahalaga ang paggamit ng mga takip sa mukha sa pagbabawas ng panganib sa transmisyong.

Inilalarawan ng FAQ na ito ang mga kasanayan at diskarte na mailalapat para isagawa ang pagsunod ng mga miyembro na posibleng nag-aalangan na magsuot ng pantakip sa mukha sa mga setting kung saan ito ginugusto o kinakailangan. Nakasaayos ito sa tatlong seksyon:

<b><u>Background – Ang dapat mong malaman tungkol sa mga mask .....</u></b>	<b><u>2</u></b>
1) Bakit kailangang magsuot ng mask?	2
2) Kailangan ko pa rin bang magsuot ng mask pagkatapos magpabakuna?	2
3) Mayroon bang mga tao na hindi nagsusuot ng mask?	2
4) Puwede bang alisin ang mga mask para tulungan ang mga may problema sa pandinig na makapagbasa ng labi para makipag-ugnayan?	3
5) Puwede ba akong makalanghap ng labis na carbon dioxide (CO <sub>2</sub> ) kung magsusuot ako ng mask?	3
6) Katanggap-tanggap ba ang mga goggles o face shield bilang kapalit ng pagsusuot ng mask?	3
7) Ano ang wastong paraan para magsuot ng mask?	3
8) Ligtas bang maging indoors kasama ang mga taong hindi ko kilala?	3
<b><u>Paghahanda – Paano gumawa ng mask na mabuti para sa kapaligiran .....</u></b>	<b><u>4</u></b>
9) Paano ko ipapatupad ang pagsusuot ng mask sa aking establisyemento?	4
10) Ano ang dapat naming gawin kung may magsasabi na wala siyang mask?	4
11) Sino ang dapat magsabi sa mga customer na magsuot ng mask sa loob ng pasilidad?	4
12) Paano ako matututo pa tungkol sa mga ipinag-aatas sa pagsusuot ng mask?	4
<b><u>Pag-iwas sa salungatan -- Mga diskarte para tugunan ang pagtanggap magsuot ng mask.....</u></b>	<b><u>5</u></b>
13) Paano ko sasabihin sa isang tao na magsuot ng mask?	5
14) Bakit tumututol ang ilang tao sa pagsusuot ng mask?	5
15) Anong mga diskarte ang magagamit kung magpapakita ang mga customer ng psychological reactance sa mandato ng pagsusuot ng mask?	5
16) Anong mga estratehiya ang magagamit sa iyong mga customer na tumatangging magsuot ng mask o sadyang nagtatanggal nito?	6



- 17) Paano ako tutugon sa isang galit na reaksyon sa isang kahilingan na magsuot ng mask? 6
- 18) Ano ang dapat gawin kung sasabihin ng isang customer na hindi siya makakapagsuot ng mask dahil sa isang kapansanan? 6
- 19) Ano ang de-escalation at paano ito ginagamit? 6
- 20) Mayroon bang iba pang epektibong diskarte? 7
- 21) Ano ang gagawin ko kapag hindi pa rin naging epektibo ang lahat ng aking pagsisikap para hikayatin ang isang indibidwal na hindi sumusunod sa pagsusuot ng mask? 7

**Mga Resource ..... 8**

**Background – Ang dapat mong malaman tungkol sa mga mask**

**1) Bakit kailangang magsuot ng mask?**

Ang mga mask, na tinatawag ding "mga pantakip sa mukha" ay mga epektibong paraan ng proteksyon laban sa mga virus sa hangin. Ang COVID-19 ay karaniwang naipapasa mula sa isang tao papunta sa isa pang tao sa hangin. Ang mga droplet ng virus na mula sa hininga ng isang taong may COVID-19 ay puwedeng manatili sa hangin sa partikular na tagal ng panahon. Mas maraming droplet ang puwedeng mapunta sa hangin kapag nagsasalita, kumakanta, umuubo, o bumabahing ang mga taong may impeksyon. Ang mga droplet ay partikular na mapanganib sa mga enclosed na espasyong may hindi magandang bentilasyon.

Dapat kang magsuot ng mask para protektahan ang iyong sarili mula sa potensyal na impeksyon, pero ang pagsusuot ng mask ay napakahalaga at napakaepektibong diskarte sa pampublikong kalusugan dahil ang mga taong may COVID-19 ay posible pa ring naglalabas ng mga droplet na may virus, na puwedeng makahawa sa iba. Ito ang dahilan kung bakit kahit pakiramdam mo ay wala kang sakit, dapat kang magsuot ng mask para hindi mo mahawaan nang hindi nalalaman ang ibang tao na posibleng vulnerable sa malubhang karamdaman.

**2) Kailangan ko pa rin bang magsuot ng mask pagkatapos magpabakuna?**

Kung kumpleto na ang iyong bakuna, hindi mo kailangang magsuot ng mask sa karamihan sa mga lugar. Bagama't malamang na mababa ang panganib, posibleng maikalat mo ang virus kahit nabakunahan ka na. Ang mga bakunang aprubado sa U.S. ay binigyan ng pang-emergency na awtorisasyon kapag nalaman na ang mga ito ay ligtas at makakapigil sa virus sa pagbibigay sa iyo ng sakit.

Pinapayuhan pa rin ng Mga Sentro sa Pagkontrol sa Sakit (Centers for Disease Control, CDC) ang mga hindi pa nababakunahan na [ipagpatuloy ang mga pag-iingat](#) tulad ng pagsusuot ng mask, pananatili ng kahit man lang 6 na talampakang layo mula sa ibang taong hindi mo kasama sa bahay, at pag-iwas sa mga mataong lugar at espasyong hindi maganda ang bentilasyon sa mga pampublikong lugar.

**3) Mayroon bang mga tao na hindi nagsusuot ng mask?**

Hindi dapat magsuot ng mga mask ang mga bata na wala pang 2 taong gulang o mga taong may kapansanan na hindi makakapagsuot ng mask, o hindi ligtas na makakapagsuot ng mask dahil sa mga bagay na nauugnay sa kapansanan. Ang mga bata at taong may ilang partikular na kapansanan ay dapat magsuot lang ng mask kung magagawa nilang gamitin ito nang tama, kung saan kasama ang kakayahan na (1) iwasan ang madalas na paghawak sa mask at kanilang mukha, (2) limitahan ang pag-suck, paglalaway, o pagkakaroon ng labis na laway sa mask, at (3) alisin ang mask nang walang tulong ng iba.



**4) Puwede bang alisin ang mga mask para tulungan ang mga may problema sa pandinig na makapagbasa ng labi para makipag-ugnayan?**

Kung nakikipag-ugnayan ka sa mga taong umaasa sa pagbabasa ng labi, pag-isipan ang pagsusuot ng clear na mask o mask na gawa sa tela na may clear na panel. Kung hindi ka makakakuha ng clear na mask, puwede mong pansamantalang alisin ang iyong mask para makita ang iyong labi, kung mukhang ligtas na gawin ito. Kung hindi, gumamit ng nakasulat na komunikasyon o closed captioning. Puwedeng makatulong sa pagbabawas ng ingay sa background sa pag-unawa ng sinasabi ng ilang indibidwal.

Kung kailangang mag-alis ng mask para matugunan ang isang customer, dapat mo ring isaalang-alang ang panganib sa kaligtasan na puwede nitong idulot sa ibang customer.

**5) Puwede ba akong makalanghap ng labis na carbon dioxide (CO<sub>2</sub>) kung magsusuot ako ng mask?**

Hindi pinapataas ng pagsusuot ng mask ang antas ng carbon dioxide (CO<sub>2</sub>) sa hangin na nilalanghap mo. Ang oxygen (O<sub>2</sub>) na nilalanghap mo at CO<sub>2</sub> na inilalabas mo ay parehong malayang nakakalusot sa mga pantakip sa mukha na gawa sa tela o synthetic na materyal kapag nag-exhale o nagsalita ka. Ang mga molecule ng CO<sub>2</sub> at O<sub>2</sub> ay ganap na mas maliit sa mga respiratory droplet na nagdadala ng virus na nagdudulot ng COVID-19; hindi nakakalusot nang madali ang mga respiratory droplet na ito sa isang mask na may wastong disenyo at maayos na nakasuot.

**6) Katanggap-tanggap ba ang mga goggles o face shield bilang kapalit ng pagsusuot ng mask?**

Ang mga goggles at face shield ay hindi nagbibigay ng sapat na proteksyon at hindi mga katanggap-tanggap na pamalit. Puwedeng gamitin ang mga ito bilang karagdagan sa isang mask para sa karagdagang proteksyon. Huwag kailanmang pagsuotin ng goggles o face shield ang isang bagong silang na sanggol.

**7) Ano ang wastong paraan para magsuot ng mask?**

[Ipinapaliwanag ng CDC ang wastong pagsusuot ng mask ayon sa mga sumusunod:](#)

- Ang isang mask ay dapat may kumportableng fit at tumatakip sa iyong bibig at ilong.
- Hugasan ang iyong kamay o gumamit ng hand sanitizer before bago isuot ang iyong mask.
- Isuot ang iyong mask sa ibabaw ng iyong ilong at bibig at paabutin ito sa iyong baba.
- Mahigpit na ilapat ang mask sa magkabilang gilid ng iyong mukha, ilagay ang mga loop sa likod ng iyong tainga o itali ang mga string nito sa likod ng iyong ulo.
- Kung kailangan mong i-adjust nang i-adjust ang iyong mask, hindi maayos ang fit nito, at posibleng kailangan mong maghanap ng ibang uri o brand ng mask.
- Tiyaking madali kang nakakahinga.

**8) Ligtas bang maging indoors kasama ang mga taong hindi ko kilala?**

Palaging may mas mataas na panganib ng pagkaka-expose sa COVID-19 indoors kasama ang mga taong hindi mo kasama sa iyong bahay. Ito ang dahilan kung bakit nananatiling mahalaga ang pagsasagawa ng mga pamprotektang pag-iingat tulad ng pagsusuot ng mask, pagpapanatili ng social distancing, pag-iwas sa matataong lugar, at paghuhugas ng kamay. Mas magiging ligtas ka rin sa isang epasyong may bukas na bintana na pinapasukan ng hangin mula sa labas o may mahusay na sistema ng bentilasyon na nagpapalit sa hangin mula sa loob ng hangin mula sa labas.



**Paghahanda – Paano gumawa ng mask na mabuti para sa kapaligiran**

**9) Paano ko ipapatupad ang pagsusuot ng mask sa aking establisyemento?**

Ang unang paraan para ipatupad ang ipinag-aatas sa pagsusuot ng mask ay ang pagiging halimbawa sa pamamagitan ng tuloy-tuloy at nakikitang pagsunod at pagpapatupad ng lahat ng personnel sa mga pangkaligtasang protokol sa COVID-19, gaya ng physical distancing, kalinisan ng kamay, at lalo na ang wastong pagsusuot ng pantakip sa mukha.

Ang pangalawang paraan ay ang pagpapaskil ng karatula na may mga pangkaligtasang mensahe sa COVID-19, lalo na ang mga mensahe tungkol sa ipinag-aatas sa pagsusuot ng mask at mga karatulang nagpapakita ng tamang paraan ng pagsusuot ng mask. Ang karatula tungkol sa ipinag-aatas sa pagsusuot ng mask ay dapat kitang-kita sa bawat pasukan, banyo, elevator bank, hagdanan, sa bawat palapag, at sa mga pasukan sa mga mataong lugar sa iyong gusali. Pag-isipan ang pagpapaskil ng maraming wika na karatula.

Gumawa ang Lungsod ng [Outreach Toolkit](#) na may mga puwedeng i-print na karatula, kasama ang mga karatulang nanghihikayat sa pagsusuot ng mask.

Dapat mong ianunsyo ang mga pangkaligtasang patakaran at ang pag-aatas sa pagsusuot ng mask sa iyong website at sa anumang regular na komunikasyong mayroon ka sa iyong mga customer.

**10) Ano ang dapat naming gawin kung may magsasabi na wala siyang mask?**

Subukang magpanatili ng sapat na supply ng mga mask na puwedeng ipamahagi sa mga papasok na customer. Dapat ay mga mask na available na ibigay sa iyong buong establisyemento, kasama ang isa sa bawat palapag at malapit sa pasukan o service area sa customer. Ang sinumang empleyadong posibleng makipag-usap sa isang customer ay dapat magkaroon ng nakahandang access sa isang supply ng mga mask para ipamigay.

**11) Sino ang dapat magsabi sa mga customer na magsuot ng mask sa loob ng pasilidad?**

Madalas, puwedeng mas maging epektibo ito kung ang patakaran ay ipapaliwanag ng frontline staff na karaniwang nakikipag-ugnayan sa kanila, sa halip na mga hindi nakauniporme ng security guard o tagapagtupad ng batas, na posibleng humantong ang presensya sa paglaki ng sitwasyon.

Ang lahat ng staff ay dapat sanay sa pag-unawa sa ipinag-aatas sa pagsusuot ng mask at matutunan ang mga pamamaraan sa pagpapatupad dito, gayunpaman, hindi kritikal para sa lahat ng staff na gawin itong responsibilidad hangga't mayroong palaging handa na mabilis makakaugnayan o matatawag para epektibong ipaalam ang ipinag-aatas na ito. Ang lahat ng manager ay dapat maghanda na tulungan at suportahan ang kanilang frontline staff sa paghahatid ng mensaheng ito.

**12) Paano ako matututo pa tungkol sa mga ipinag-aatas sa pagsusuot ng mask?**

Ipinapaliwanag ng webpage ng sf.gov [ang mandato sa pagsusuot ng mask ng Lungsod](#) kasama ang kung saan at kung kailan mo kailangan at hindi kailangang magsuot ng mask.



Pag-iwas sa salungatan -- Mga diskarte para tugunan ang pagtanging magsuot ng mask

**13) Paano ko sasabihin sa isang tao na magsuot ng mask?**

Huwag utusan ang sinuman gamit ang mabilisang pag-uutos tulad ng pagsasabi ng “Hoy! Mag-mask ka!” dahil puwede itong magdulot ng pagiging palaban at pagtangi. Ayaw ng mga tao na sinasabihan sila na may ginagawa silang mali. Bukod pa rito, hindi nila gusto ang pakiramdam na nag-iisa sila at napapansin sa hindi magandang paraan.

Ang pinakamagandang paraan ay hayaan silang malaman na hindi sila isinasantabi o hinihiling na gumawa ng anumang hindi karaniwan. Gawin ito sa mas malumanay na paraan, “Paumanhin, hinihiling namin sa lahat ng magsuot ng mask sa loob. Nagpapasalamat kami sa iyong kooperasyon.”

Huwag mangharas o sumigaw sa sinuman na hindi sumusunod sa mga panuntunan sa pagsusuot ng mask. Ito ay hindi malamang na magresulta sa isang positibong bagay at malamang na bumuo ng pagtutol sa iyong mensahe dahil posibleng maramdaman ng tao na inaatake siya.

Huwag pagbantaan ang sinumang mananatiling hindi susunod. Sabihin lang na maari silang hindi mabigyan ng serbisyo o hindi sila mapapapasok sa lugar, bilang huling opsyon. Subukang huwag palakihin o i-deescalate ang sitwasyon (tingnan ang Ano ang de-escalation at paano ito ginagamit?).

**14) Bakit tumututol ang ilang tao sa pagsusuot ng mask?**

Marami ang dahilan kung bakit tumututol ang mga tao sa pagsusuot ng mask, kasama ang mga politikal na paniniwala at pagtataguyod ng indibidwal na karapatan at kalayaan. Ang huli ay puwedeng humantong sa kalagayang tinatawag na [psychological reactance](#) kung saan nararamdaman ng tao na naaatake siya dahil naniniwala siyang nalimitahan ang kanyang mga opsyon o mapagpipilian.

Isa pang bagay sa pagtangi sa pagsusuot ng mask ang pagtingin sa panganib ng isang tao at ang kanyang kahandaan na maignay sa mapanganib na pag-uugali. Posibleng pinapaniwalaan niya na ang panganib ng pagkaka-expose ay napakababa, o kung na-expose na siya sa, malakas at malusog siya at hindi maaapektuhan.

**15) Anong mga diskarte ang magagamit kung magpapakita ang mga customer ng psychological reactance sa mandato ng pagsusuot ng mask?**

Mahirap na tugunan ang pag-uugali na ito. Malamang na hindi makakatulong ang paggamit ng siyentipikong patunay. Posibleng mas maging epektibo ang isang personal na pamamaraan. Subukang kausapin siya bilang isang indibidwal na nakikipag-usap sa isa pang indibidwal Makinig sa kanya at itrato siya bilang isang taong rasyonal at handang makakapagpasya na tanggapin ang makatuwirang kahilingan ng isang tao. Huwag tutulan ang kanyang pananaw. Ipaalam sa kanya na ang kanyang mga paniniwala ay hindi isinasantabi o kinukwestyon.

Huwag pagtuunan ng pansin ang ginawang mali ng indibidwal, sa halip, iakma ang iyong tugon sa mga pahayag na “ako” o “tayo”. “Nauunawaan kong mayroon kang mga dahilan, pero may responsibilidad ako sa lahat na iparamdam sa kanila na sila ay ligtas at kumportable rito. Ipagpapasalamat ko kung matutulungan ninyo ako.”

Ipalawanag na hinihiling ng iyong establisyemento ang parehong pag-uugali sa lahat ng nagtatrabaho o bumibisita doon at inaatasan ka ng iyong employer at ng batas na tumugon sa sitwasyong ito. Dapat ka ring umapela sa pananaw ng kooperasyon at pagkakaisa ng komunidad.



**16) Anong mga estratehiya ang magagamit sa iyong mga customer na tumatangging magsuot ng mask o sadyang nagtatanggal nito?**

Puwedeng maging posible na makipag-ugnayan sa kanila gamit ang mga paliwanag tungkol sa mga panganib ng COVID-19, at ang pagpapaalala sa kanila na mayroon nang mga bata at dating malulusog na taong namatay, o nakaranas ng matagal, nakakapanghinang sintomas (mga tinatawag na “mga long hauler” o [Long COVID](#)).

Puwede ka ring umapela sa kanya tungkol sa kahalagahan ng pagtutulungan bilang komunidad para malabanan ang virus at mapanatiling ligtas ang bawat isa. Ipaliwanag na posibleng mayroon silang virus at walang anumang nararamdamang sintomas, pero puwede pa rin silang makahawa at maging lubhang mapanganib sa ibang tao, sa pamamagitan ng panghahawa sa mga taong mahal nila at mahalaga sa kanila.

Kung mayroon kang dahilan na paniwalaang makakatulong ito sa panghihimok, puwede ka ring umapela sa pagtitiwala ng mga tao sa iyong institusyon at ang iyong taos-pusong interes sa pagpapanatiling ligtas ng bawat isa.

**17) Paano ako tutugon sa isang galit na reaksyon sa isang kahilingan na magsuot ng mask?**

Maging kalmado at mabait hangga't maaari. Ang galit na ito ay bihirang nakadirekta sa iyo nang personal. Kilalanin ang kanyang galit at ipaliwanag na ang iyong pangunahing layunin ay para tulungan siya. Subukang huwag nang palakihin ang sitwasyon.

Isaalang-alang ang iyong sariling kaligtasan at kalagayan sa iyong mga interaksyon sa publiko. Bigyang ng espasyo ang iyong sarili at magkaroon ng kamalayan sa iyong paligid kung sakaling lubuha ang sitwasyon. Palaging tumawag ng kasama at suporta kung sa palagay mo ay kailangan mo ito.

Tandaang bumisita siya sa iyong establisyemento nang may dahilan at gusto mo silang masulit ang aktibidad na pinunta nila rito. Kung ang isang indibidwal ay hindi makasunod sa iyong naayon sa batas at makatuwirang kahilingan, posibleng hindi nila matanggap ang serbisyong inaasahan mo.

**18) Ano ang dapat gawin kung sasabihin ng isang customer na hindi siya makakapagsuot ng mask dahil sa isang kapansanan?**

Tandaan na ang mga negosyo ay nasasaklawan ng mga proteksyon gaya ng Batas sa Mga American na May Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA). Ipinagbabawal sa mga proteksyong ito ang pandidiskrimina laban sa mga customer na may kapansanan. Kung dahil sa kapansanan na ito ay hindi makakapagsuot ng mask ang isang customer, dapat mo ring timbangin ang panganib sa kalusugan at kaligtasan na maaari nitong idulot sa iyong mga empleyado at customer. Isaalang-alang ang paggawa ng mga makatuwirang akomodasyon gaya ng delivery o serbisyo sa curbside, o pagiging available ng iyong serbisyo sa labas.

**19) Ano ang de-escalation at paano ito ginagamit?**

Sa panahon ng pandemya, halos ang lahat ay nakaramdam ng mas mataas na antas ng anxiety, na posibleng magdulot sa ibang tao na involuntary na mag-overreact sa mga hindi kumportable o stressful na sitwasyon. Ang de-escalation ay nagbibigay ng ilang diskarte sa pag-uugali na nakatuon sa pagpapababa ng salungatan at pagtataguyod ng mahusay na komunikasyon.

Ibinigay ng [Crisis Prevention Institute](#) ang mga sumusunod na 10 tip para sa de-escalation.

- **Maging Mapang-unawa at Huwag Maging Mapanghusga.** Irespeto ang nararamdaman ng iba at kilalaning posibleng maraming pinagdadaan ang taong iyon sa buhay niya na nakakadagdag sa kanilang stress at anxiety.



- **Respetuhin ang Personal na Espasyo.** Magkaroon ng kamalayan sa lapit at tindig sa ibang tao. Posibleng hindi mo namamalayan ang iyong lapit o pisikal tindig ay nakakadagdag sa kanyang anxiety.
- **Gumamit ng Mga Hindi Nakapagbabantang Nonverbal.** Magkaroon ng kamalayan at manatiling neutral sa iyong mga gesture, ekspresyon ng mukha, paggalaw, at tono ng boses.
- **Huwag Maging Emosyonal.** Manatiling kalmado at rasyonal, lalo na kapag ang pag-uugali ng indibidwal ay posibleng maghimok sa iyo sa hindi mabuting emosyonal na reaksyon.
- **Pagtuunan ng Pansin ang Mga Nararamdaman.** Kung minsan, ang mga nararamdaman ng isang tao, higit pa sa kanilang sinasabi, ang mensaheng gusto nilang ipahayag. Kapag kinilala mo ang kanyang nararamdaman, posible itong magbukas ng paraan para mas mabuting komunikasyon.
- **Iwasan ang Mga Mapanghamon na Tanong.** Huwag hayaan ang kausap mo na idirekta ang pag-uusap palayo sa pinag-uusapang isyu. Idiin ang pagtutulongan sa problemang tinutugunan mo.
- **Magtakda ng Mga Limitasyon.** Kapag kalmado na para sumagot ang kausap mo, bigyan sila ng malinaw na alternatibo (Kung susunod ka sa mga panuntunan, malulugod kami na manatili ka, kung hindi, hihilingin naming umalis ka).
- **Piliin nang Wasto Ang Iyong Pinaninindigan.** Maging malinaw sa iyong sarili tungkol sa kung ano ang maaayos at hindi maaayos. Kung minsan, posibleng magdulot ng kaaya-ayang resulta ang pagiging medyo flexible.
- **Magbigay-daan sa Katahimikan para sa Pag-iisip-isip.** Kapag panandalian kayong huminto, magkakaroon ang magkabilang panig ng pagkakataon na mag-isip at mahimok ang pagiging maunawain at magbibigay-daan ito sa pagbabago ng pag-uugali.
- **Magbigay ng Panahon para sa Mga Pagpapasya.** Mas mahirap para sa isang tao na mag-isip nang malinaw kapag galit siya. Kung hindi mo bibiglain ang kausap mong tao, puwede siyang kumalma at magkaroon ng tamang pasya.

## **20) Mayroon bang iba pang epektibong diskarte?**

Palaging tanungin ang iyong mga katrabaho. Paghambingin ang inyong karanasan hinggil sa kung ano ang naging epektibo at kung ano ang hindi. Kung magkakaroon kayo ng verbal na diskarte na epektibo para sa iyo, gawan ito ng script na puwede mong iensayo sa iyong isip. Pero tandaang walang magic words na magiging epektibo sa bawat sitwasyon. Manatiling flexible at tugunan nang kalmado at nang may kaalaman ang bawat sitwasyon.

## **21) Ano ang gagawin ko kapag hindi pa rin naging epektibo ang lahat ng aking pagsisikap para hikayatin ang isang indibidwal na hindi sumusunod sa pagsusuot ng mask?**

Kung ang iyong establisyemento ay may onsite na security guard, tawagin sila para sa tulong. Ang isa sa pinakamakapangyarihang paraan na puwede mong gawin ay ang pagtanggì sa pagbibigay ng serbisyo. Huwag payagan ang hindi sumusunod na tao na bilhin ang iyong mga produkto o ma-access ang serbisyonang gusto nila.

Bilang huling opsyon, puwede mong tawagan ang hindi pang-emergency na tagapatupad ng batas sa (415) 553-0123. Tandaang posibleng hindi isapriyoridad ng tagapatupad ng batas ang ganitong uri ng mga tawag, pero hindi ka dapat magdalawang-isip na tumawag kung sakaling magkaroon ng matitinding sitwasyon gaya ng trespassing, vandalism, o aktuwal o binabantang karahasan.



## Mga Resource

- San Francisco Department of Public Health (SFPDH)
  - [Gabay sa COVID-19 ng SFPDH](#)
  - [Outreach Toolkit Para sa Coronavirus COVID-19](#)
  - [Mga Mask at Pantakip sa Mukha para sa Coronavirus Pandemic](#)
  - [Update sa Pagsusuot ng Mask: Kailan at Paano Gumagamit ng Mga Mask na May Mas Mataas na Kalidad](#)
  - [Personal na Pamprotektang Kagamitan](#)
- Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC)
  - [Kapag Kumpleto na ang Bakuna Mo](#)
  - [Paano Protektahan ang Iyong Sarili at Ang Ibang Tao](#)
  - [Paano Magsuot ng Mga Mask](#)
  - [Mga Kundisyon Pagkatapos ng COVID-19](#)
- [Crisis Prevention Institute \(CPI\) Top 10 na Tip sa De-Escalation](#)